

Aksidente, pagkakasakit sa trabaho sasagutin ng **Workers' Accident Compensation Insurance**

Konsultasyon, gastusing medikal at buwanang kabayaran ay sasagutin ng Workers' Accident Compensation Insurance sakaling magkasakit o masugatan sa oras ng trabaho, sa biyahe sa pagpasok at pag-uwi, at iba pang kondisyon ayun sa insurance.

Ang workers' accident compensation insurance ay para sa mga full-time employees, contractual o temporary workers at part-time workers.

Sakaling magkaroon ng aksidente, masugatan o magkasakit sa oras ng trabaho, sakop ito at babayaran ng workers' accident compensation insurance. Ito ay katulad ng ginagamit na health insurance kung saan ang mga bayarin sa ospital ay bahagyang sinasagot ng insurance. Subalit sa kaso ng mga manggagawa, wala silang babayaran sa kanilang medikal na gastusin. 80% ng sahod ay ibibigay habang nagpapalakas ng katawan at hindi makapasok sa trabaho. Makakatanggap din ng disability pension sakaling may matamong kapansanan. At hindi maaaring paalisin ang manggagawa sa trabaho habang nagpapagaling ayon sa workers' accident compensation insurance program.

Ang compensation insurance ay hindi lamang ginagawad sa oras ng trabaho kundi maging sa pagkakaroon ng atake sa puso sa bahay sanhi ng labis na trabaho o sa aksidente habang papasok o pauwi sa trabaho. Para matanggap ang benepisyong ito, kailangang mag-apply sa Labor Standards Supervision Office, at kailangan din ng pagpapatunay na ang sanhi ng sakit o kapansanan ay dahil sa trabaho o nangyari habang nagta-trabaho.

Kapag ang manggagawa ay naaksidente o nagkasakit habang nasa trabaho, ang may-ari ay dapat mag-apply para sa workers' compensation sa lokal na Labor Standards Supervision Office. Subalit may mga kaso din na hindi nagsusumite ang kumpanya at ipinagwawalang bahala ang nangyaring aksidente sa trabaho. Kung magkaganito man, maaring mismong manggagawa ang magsadya sa tanggapan at mag-apply. Sa pagkakataong ang manggagawa ang nagbayad para sa gastusing medikal, itabi ang resibo at isumite sa pag-apply para sa workers' accident compensation insurance.

Kasama sa workers' compensation insurance ang lahat ng manggagawa, regular, contractual o temporary workers at mga part-time workers. Lahat ng bayarin para sa benepisyong ito ay babayaran ng may-ari. May kahirapan para sa mga dayuhang manggagawa kapag hindi nag-apply ang may-ari para sa workers' compensation. Maaring magpatulong sa kaibigang Hapon para sa pagproseso ng aplikasyon. Kung may lokal na labor union na may mga kasaping dayuhan, maaaring magpatulong sa proseso ng aplikasyon para sa workers' compensation. May mga ganitong labor unions sa Tokyo. Maari ding dumulog sa NPO's o civil groups para sa pagproseso ng aplikasyon. Ilagay sa memo ang tungkol sa aksidente o pagkakasakit, kung kailan, saan at paano naaksidente o nagkasakit at magandang dalhin ang medical certificate kung sa kasalukuyang nagpapagamot.

Paglalahad ni Miho Fujibayashi, administrative scrivener

May subsidy ang bayad sa bakuna ng Rubella para sa adults

Patuloy ang pagkalat ng sakit na rubella. Kapag ang buntis ay nagkasakit ng rubella, nanganganib na magkaroon ng kapansanan ang kanyang sanggol. Ang pamahalaan ay naglaan ng budget para sa bakuna nito upang mapangalagaan ang mga buntis at kanilang sanggol.

- ★ Sino ang maaring tumanggap ng subsidy : Sinuman na nakatira at nakarehistro sa Fujimi-shi, Fujimino-shi at Miyoshi-machi
 - Mga kababaihan na may edad 19 ~ 49 na nagnanais o may balak na magbuntis.
 - Mga lalaking buntis ang asawa o magiging ama na may edad na 19 o higit pa.
 - (Sinuman na nagkasakit na ng rubella o nabakunahan na ng rubella o mix ng rubella at measles ay hindi kasama sa mabibigyan ng subsidy)
- ★ Kailan: Abril 1, 2013 hanggang Marso 31, 2014
- ★ Subsidy: 3000 yen (minsanang bayad)
- ★ Proseso ng Aplikasyon: Para sa detalye, tingnan ang website ng bawat bayan.
 - Fujimi-shi: Health enhancement center
 - Fujimino-shi: Health center or Region Welfare Division, General branch of Ohi, Fujimino-shi
 - Miyoshi-machi: Health center
- ★ Mga dokumentong kailangan:
 - ① Application form para sa subsidy sa babayaran sa bakuna para sa rubella (sa bawat tanggapan ng bayan o sa website)
 - ② Dokumentong nagpapakita na kayo ay nagpabakuna ng rubella at resibo ng bayad.
 - ③ Kopya ng health handbook ng mag-ina, nakasaad na kayo ang ama at ang araw ng panganganak
 - ④ Personal seal

Maari nang mag-apply para sa subsidy sa kindergarten

Bahagi ng childcare program ng munisipyo ay ang pagtulong sa mga pamilya na may anak na pumapasok sa pribadong kindergarten . Sagutan ang dokumentong binibigay sa kindergarten at isumite ito.

- Ang tirahan ay nakarehistro sa munisipyo.
 - Pamilya na may anak na 3 ~ 5 taong gulang o magiging 3 taon ngayong 2013 at papasok sa pribadong kindergarten.
 - Pamilya na nakapag-sumite na ng income tax return ng 2012.
- ★ Para sa detalye, magtanong sa Child-raising Support Division sa bawat munisipyo.

Swimming pool, Fujimi Garden Beach magbubukas sa Hulyo 13 (Sabado)

Tayo ng lumangoy ngayong tag-init! Halika na sa Fujimi Garden Beach swimming pool!

- Bukas: 9:00 nu ~ 5:00 nh hanggang Setyembre 1 (Linggo) Sarado sa Hulyo 16 (Martes) ~ 19 (Biyernes) mula 9:00 nu ~ 1:00 nh dahil gagamitin ng mga bata sa kindergarten)
 - Kabayaran
- Matanda: 500 yen
 Junior high school student: 300 yen
 Elementary school student: 100 yen



Libreng legal na konsultasyon sa "Japan Legal Support Center" (Houterasu)



- Bilang tulong sa mga dayuhan, ang mga abogado ng Japan Legal Support (Houtersu) Saitama ay nagbibigay ng libreng pagkunsulta sa mga legal na bagay ukol sa diborsyo o hindi binayarang sahod at iba pa. Tumawag para sa appointment bago pumunta. Sa serbisyong ito, dapat ay mababa ang inyong kita o nasa low income level.
- Kailan: Kada ika-2 at ika-4 na miyerkules, 1:00 ~ 4:20 pm
 - Saan: Houterasu Saitama (15 min na lakad mula Urawa station)
 - Tel: 050-3383-5375

www.ficcc.jp/living/

Gabay sa pang-araw na pamumuhay para sa mga dayuhan, nakasalin sa 6 na wika